# POSITIVE DISCIPLINE
## Mga Karaniwang Tanong

MGA KONSEPTO AT ISTATISTIKA

### 1. Ano ba ang Positive Discipline?

Ang Positive Discipline ay ang pagtuturo at paggabay sa mga bata nang hindi gumagamit ng pananakit at dahas. Ito ay ginagawa nang may pagrespeto sa kanilang karapatan para sa maayos na paglaki, proteksyon mula sa karahasan, at pakikilahok sa proseso ng kanilang pagkatuto. Hinahangad nito na mapaunlad ang pansariling disiplina at mga kasanayan na magagamit ng mga bata hanggang sa kanilang pagtanda.

Itinuturo ng Positive Disipline ang pagiging hindi marahas, pakikiramay, respeto sa sarili, pagpapahalaga sa karapatang pantao at respeto sa kapwa. Ito rin ay nakatutok sa paghahanap ng solusyon sa mga problema at 'di pagkakasundo sa halip na magparusa.

Magagamit ang ganitong pagpapalaki sa mga bata para matulungan silang maging responsable at mapagkalinga. Ito ay mas epektibong pamamaraan ng pagdidisiplina kaysa Corporal Punishment dahil ipinapakita nitong maaari pa ring turuan ang mga anak nang di isinasawalang-bahala ang kanilang pagkatao at dignidad.

### 2. Ano ba ang Corporal Punishment?

Ayon sa General Comment No. 8 ng United Nations Committee on the Rights of the Child na inilabas noong 2006,[1] ang Corporal Punishment ay ang pagparusa sa mga bata na gumagamit ng pisikal na puwersa at naglalayong makapanakit, gaano man ito kahina. Kabilang sa pisikal na uri ay ang pamamalo gamit ang kamay o anumang bagay, paninipa, pangungurot, pag-alog, paghagis, pagkulong, at pagpwersang manatili nang matagal sa isang mahirap na posisyon katulad ng pagpapadipa at pagpapaluhod sa munggo o asin.

Mayroon ding hindi pisikal na porma ng pagpaparusa sa mga bata na kasing-lupit din tulad ng pagpapahiya, pangmamaliit, pananakot at pagbabanta.

Ang Corporal Punishment ay lumalabag sa karapatan ng mga bata ayon sa mga sumusunod na artikulo sa United Nations Convention on the Rights of the Child:[2]

> Article 19 (Protection from all forms of violence): Governments must do all they can to ensure that children are protected from all forms of violence,

---

[1] UN Committee on the Rights of the Child (CRC), General comment No. 8 (2006): The Right of the Child to Protection from Corporal Punishment and Other Cruel or Degrading Forms of Punishment (Arts. 19; 28, Para. 2; and 37, inter alia), 2 March 2007, CRC/C/GC/8, available at: http://www.refworld.org/docid/460bc7772.html [accessed 16 April 2015]

[2] Pinirmahan ng Pilipinas ang United Nations Convention on the Rights of the Child noong January 26, 1990 at ni-ratify naman niya ito noong

abuse, neglect and bad treatment by their parents or anyone else who looks after them.

Article 28, Paragraph 2 (right to education): Discipline in schools must respect children's dignity. Richer countries must help poorer countries achieve this.

Article 37 (detention): No child shall be tortured or suffer other cruel treatment or punishment. A child should be arrested only as a last resource and for the shortest possible time. Children must not be put in a prison with adults and they must be able to keep in contact with their family.

### 3. Gaano Kalaganap ang Corporal Punishment sa Pilipinas?

Ayon sa survey na isinagawa ng Pulse Asia noong 2011:

- 2 sa 3 o 67% ng mga magulang ang gumagamit ng pisikal na pananakit upang madisiplina ang kanilang mga anak.
- 83% ng mga magulang ay nakaranas ng pisikal na pananakit noong sila ay bata pa.
- Ang pinakalaganap na pamamaraan ng pisikal na pananakit sa mga bata ay ang pamamalo sa puwitan, kamay, at iba pang bahagi ng katawan.
- 41% ng mga magulang ang nagsabing susuportahan nila ang batas na nagbabawal sa paggamit ng corporal punishment, habang 21% sa kanila ang wala pang desisyon tungkol dito.

Ayon sa pag-aaral ng corporal punishment ng Save the Children noong 2005:

- 85% ng mga bata ay nakararanas ng corporal punishment sa loob ng bahay.
- Ang pinakalaganap na paraan ay ang pagpalo (65%).
- 82% ng mga nakausap na bata ang nagsabing nasaktan na sila sa iba't-ibang bahagi ng kanilang katawan sa ngalan ng disciplina.

Ayon naman sa World Report on Violence and Health ng World Health Organization noong 2002,

- 75% ng mga batang Pilipinong lumahok sa pag-aaral ang nagsabing sila ay napalo na.
- Ang pagsigaw ang pinakalaganap na anyo ng verbal o emosyonal na pagparusa.
- 82% ng mga natanong na nanay ang umaming sinisigawan nila ang kanilang mga anak, at 48% naman ang nagsabing tinatakot nila ang kanilang anak sa pamamagitan ng pagsabing iiwan sila.

### 4. Ano ang mga negatibong epekto ng coporal punishment sa bata?

Maliban sa pisikal na sakit, ang paggamit ng corporal punishment ay nagdudulot din ng emosyol at sikolohikal na sakit. Ilang pag-aaral na sa ibang bansa at sa Pilipinas ang nagsabing ang paggamit ng corporal punishment ay may mga negatibong epekto sa mga bata tulad ng mga sumusunod:

1. *Pagkawala ng tiwala at respeto sa magulang*
   Nalilito at nasasaktan ang mga bata dahil ang mga taong mahal nila at nagsasabing mahal sila ay ang mga taong nagbibigay sa kanila ng sakit (Association for Childhood Education International, 2007).

2. *Pagkakaroon ng takot*
   Ayon kay Dr. Violeta Bautista (2010),[3] ang bata ay nagkakaroon ng takot dahil ang mga magulang o pinagkakatiwalaang nakatatanda ay handang manakit.

3. *Pagkalito at pagkakaroon ng hinanakit, galit, o sama ng loob*
   Marami sa mga batang ginamitan ng corporal punishment ay lumaking may galit o sama ng loob. Habang ang bata ay mas madalas makaranas ng pamamalo o pisikal na pananakit, mas nagiging matindi ang namumuong galit kasabay ng kanyang pagtanda (Bautista, 2010).

4. *Mababang pagtingin sa sarili*
   Para sa mga bata, ang corporal punishment ay *rejection* o hindi pagtanggap ng taong nagpataw ng parusa. Ang pakiramdam ng *rejection* at pagpapahiya ay nagpapahina ng tingin o halaga ng bata sa kanyang sarili (Hyman, 1997; Sternberg, et al., 1993; Straus, 1994).

5. *Paniniwalang hindi kontrolado ang sariling buhay*
   Ang bata ay magkakaroon ng kaisipang hindi niya kayang pamahalaan ang mga nangyayari sa kanyang buhay; ang buhay niya ay kontrolado ng mga panlabas na pangyayari at wala na siyang magagawa doon. Ayon sa mga pag-aaral, ang mga batang naniniwalang hindi nila kontrolado ang kanilang buhay ay mas nangangailangan ng gabay at kompyansang harapin ang mga *life stressors* (Bautista, 2010).

6. *Pagkasanay sa parusa na nagiging dahilan ng pagtindi ng parusa*
   Upang mapanatiling mabisa ang corporal punishment bilang paraan ng pagdidisiplina, kinakailangang maging mas matindi ang parusa pagkatapos ng paulit-ulit na paggamit nito. Dahil dito, ang corporal punishment ay pwedeng mauwi sa pang-aabuso at, kung mas tumindi pa, sa pagkamatay ng bata.

   Ayon sa American Academy of Pediatrics Committee on Pyschosocial Aspects of Child and Family Health (1998), “[t]he only way to maintain the initial effect of spanking is to systematically increase the intensity with which it is delivered, which can quickly escalate into abuse (ang nag-iisang paraan upang panatilihin ang paunang epekto ng pamamalo ay ang sistematikong pagdagdag ng tindi ng parusa na maaaring mabilis na mauwi sa

[3] Si Dr. Violeta Bautista ay isang propesor mula sa Departamento ng Sikolohiya ng Unibersidad ng Pilipinas.

pang-aabuso).” Dagdag pa ang American Academy of Pediatrics, “parents who spank their children are more likely to use other unacceptable forms of corporal punishment (ang mga magulang na namamalo ay mas mataas ang posibilidad na gumamit ng iba pang anyo ng corporal punishment).” Sa konteksto sa Pilipinas, kabilang dito ang pagpapaluhod sa munggo, pagbitin nang patiwarik habang nasa loob ng sako, o pagkulong sa palikuran o madilim na kwarto.

7. *Pagkasanay sa paggamit ng dahas*
   Ang pananakit ay maaring magturo sa bata na katanggap-tanggap ang paggamit ng dahas sa mga mahihina. Ito rin ay nagbibigay ng mensahe sa bata na ang paggamit ng dahas ay isang paraan upang maayos ang problema (Strauss, Gelles, & Steinmetz, 1990; Strauss, Sugarman, & Giles-Sims, 1997)

   Ang corporal punishmet ay nagpapatuloy ng “cycle of violence” kung saan ang batang madalas na pinapalo ay mamamalo o mananakit din ng kanyang magiging anak, asawa, o kaibigan. Kapag ang bata ay mas madalas na pinapalo, mas malaki ang posibilidad na siya rin ay mamalo ng kanyang magiging anak (Julian & McKenry, 1993; Strauss, 1991; Strauss, 1994; Strauss & Gelles, 1991; Strauss & Kantor, 1991; Widom, 1989; Wolfe, 1987)

8. *Paghina ng utak*
   Ayon sa pag-aaral ni Straus and Paschall (1998), ang mga batang madalas na pinapalo ay may mas mababang IQ score kumpara sa mga batang hindi pinapalo. Ang pagkakaiba sa antas ng IQ ay dahil sa:
   - Mas mataas na *verbal interaction* sa pagitan ng mga magulang at kanilang mga anak na nagbubunga ng mas maraming *neuronal connections* na responsable sa pagkakaroon ng mas mataas na IQ sa mga batang hindi pinapalo
   - Mas mataas paghadlang sa pagproseso ng kaisipan dahil sa *emotional interference* o paghadlang ng damdamin dulot ng naranasang corporal punishment.

9. *Pagpigil sa pagsapuso ng mabuting asal at pagkatuto ng pakikiramay sa iba*
   Ang mga batang madalas napalo ay mas mataas ang posibilidad na mangdaya, magsinungaling, maging matigas ang ulo sa paaralan, maging bully, at hindi magpakita ng pagsisisi (Association for Childhood Education International, 2007) Inaasahan ang mga ugaling ito dahil ang paggamit ng corporal punishment ay hindi nakatutulong upng maintindihan ng mga bata ang aral sa likod ng mga pangyayari.

10. *Pagkaroon ng depresyon, suicidal tendencies, at personality disorder, pagkalulong sa alak, pagkadawit sa mga krimen, at iba pang problema sa pag-uugali*
    Ang mga batang nakaranas ng corporal punishment ay maaring magkaroon ng depresyon at personality disorder, at maari rin silang malulong sa alak at droga (Berkowitz, 1993; Afifi, Mota, Dasiewicz, MacMillan, & J., 2012). Maari rin silang magkaroon ng suicidal tendencies dahil sa nararamdamang takot, galit, at poot (Hyman, 1997).

Ayon sa mga pag-aaral, ang mga batang lumaki sa labis na pisikal na pagdidisiplina ay magkakaroon ng kriminal, anti-social, marahas, at agresibong pag-uugali sa kanilang pagtanda (Ohene, Ireland, McNeely, & Borowsky, 2006; Lansford, Deater-Deckard, Bornstein, Putnick, & Bradley, 2014).

Pagkatapos ng masusing obserbasyon pagkatapos ng dalawang taon, natuklasan nina Straus, Sugarman, & Giles-Sims (1997) ang madalas na pagpalo ay may kaugnayan sa mga problema sa pakikihalubilo ng maliliit na bata. Kabilang sa mga problema sa pakikihalubilo ang madalas na paghampas sa mga kapatid at kaklase, pagsuway sa mga magulang, at hindi pagpansin sa mga patakaran. Kung iisipin, ang corporal punishment ay nagdudulot ng agarang pagsunod ng mga bata, ngunit sa katagalan, ito ay nagbubunga ng kabaliktaran sa layunin ng magulang – sa halip na pagsunod, ito at nagbubunga ng pagsuway.

Ilan sa maaring dahilang nagdudulot ng problema sa pag-uugali ay ang mga sumusunod:

- Paggaya sa paggamit ng corporal punishment ng mga magulang na lumilitaw tuwing ang mga bata ay nanghahampas ng ibang tao
- Pagkilos bunga ng hinanakit dahil sa naranasang corporal punishment
- Pagkawala ng tiwala sa sarili
- Kawalang ng pagkakataong matuto ng mapayapang paglutas sa mga hindi pagkakasundo
- Pagkilos nang hindi maganda bilang parusa sa mga magulang na gumamit ng corporal punishment
- Pagpahayag ng kalayaan at dignidad sa pamamagitan ng pagtangging ma-kontrol gamit ang corporal punishment

11. *Paghadlang sa pagkamit ng tagumpay sa buhay*
    Habang dumadami ang karanasan ng bata sa corposal punishment, mas malaki ang posibilidad na hindi umasenso ang bata. Ayon sa pag-aaral ni Maurer & Wallerstein (1987) mas malaki ang posibilidad na umasenso sa buhay ang mga taong hindi nakaranas ng marahas na pisikal na pagdidisiplina.

Mula sa kanyang karanasan bilang counselor at *psychotherapist* ng mga bata, nakita ni Dr. Violeta Bautista na ang corporal punishment ay nagdudulot ng agarang pagsunod ng mga bata, ngunit sa katagalan, ito ay hindi mabisa at isinasaalang-alang ang pisikal at sikolohikal na kapakanan ng bata.

Ayon din sa isinagawang Focus Group Discussion (FGD) kasama ang *children in conflict with the law* sa Cebu, ang corporal punishment ay isa sa mga naging dahilan ng kanilang paglalayas. Mula dito, masasabing ang mga batang nakaranas ng pananakit bilang paraan ng pagdisiplina ay maaaring maglayas at maging biktima ng iba pang uri ng karahasan at pang-aabuso sa bata.

**5. Ano ang mga positibong epekto ng Positive Discipline sa mga bata?**

Ang positive discipline naman batay sa mga karanasan ay karaniwang nagdudulot ng magandang epekto sa mga bata tulad ng sumusunod:

- Pagpapahalaga at pagmamahal sa sarili;
- Pagkakaroon ng tiwala at malasakit;
- Pagkatuto ng tamang pakikitungo sa ibang tao;
- Pagkakaroon ng kakayanang kontrolin ang sariling emosyon;
- Nakakatulong para mabuo ang sariling opinyon at maging mapanuri; at
- Nagkakaroon ng kakayahang gumawa ng tamang desisyon.

Pinatunayan ng pag-aaral ni Pitzer (2002) na ang paglipat mula sa paggamit ng corporal punishment patungong positive discipline ay nakapagpapababa ng pagiging agresibo ng mga bata. Ayon sa resulta ng pag-aaral, nabawasan nang kalahati ang karahasan ng mga batang hindi pinalo mula nang simulan ang pag-aaral hanggang ito ay matapos.

Sa Sweden, kung saan ipinagbawal ang corporal punishment noong 1979, ang kabataan ngayon ay mas well-socialized at non-violent, at sila rin ay mas malabong gumamit ng alcohol, drugs, o madawit sa mga krimen, kumpara noong hindi pa ipinapagbawal ang corporal punishment (Durrant J. , 2000).

### 6. Paano ba isinasagawa ang Positive Discipline?

Ayon sa Save the Children,[4] ang modelo ng Positibing Pagdidisiplina ay mayroong apat na *Building Blocks*:

Pagtakda ng pang-matagalang layunin para sa mga bata

- Itinatakda ng magulang kung paano niya gustong lumaki ang bata. Ito ang nag-uudyok sa magulang na gumamit ng positibong disiplina.

Pagbibigay ng pagmamahal at respeto, at pagtakda ng istruktura

- Pinaparamdam ng magulang ang kanyang pagmamahal, respeto, pakikiramay, at pagbibigay importansya sa bata. Ginagabayan ng magulang ang bata sa pamamagitan ng pagtatakda ng istruktura kung saan mayroong bukas na komunikasyon sa pagitan ng bata at magulang.

Pag-unawa sa pag-iisip at damdamin ng bata

- Inaalam ang mga pangangailangan, kakayahan, at interes ng bata depende sa edad. Ang magulang ay magiging mas epektibo sa paggabay, pagturo, at pagsuporta sa bata kung alam ang mga impormasyong ito.

---

[4] Durrant, J. (2013). *Positive discipline in every parenting*. Save the Children Sweden.

Paglutas ng problema

- Ginagamit ang mga naunang *building blocks* upang matulungan ang magulang sa pang-araw-araw na hamon ng pagpapalaki ng kanilang mga anak. Kabilang dito ang paggamit ng pagsusuri, malasakit, epektibong komunikasyon, aktibong pakikinig, pakikipag-ayos, mapayapang paglutas ng problema, paggawa ng desisyon, at maayos na pamamahala ng emosyon.

Ayon kay Kohlberg (1964), kabilang din ang mga sumusunod na paraan upang matulungan ang mga batang matuto ng magagandang pag-uugali:

- Pagbibigay ng madalas at positibong kalinga sa mga bata o ang tinatawag na "quality time" at "special bonding moments" upang magkaroon ng bukas na komunikasyon
- Pakikinig nang mabuti sa mga bata at pagtulong sa kanilang gumamit ng mga salita upang ipahayag ang nararamdaman
- Pagbibigay sa mga bata ng pagkakataong mamili at pagturo sa kanila ng mga maaring maging bunga ng kanilang pagpili
- Pagpapatibay ng mga magagandang pag-uugali sa pamamagitan ng madalas na pagpuri at pagpapalagpas sa mga maliliit na kamalian
- Paghubong ng magandang ugali, magalang na pakikipag-usap, at pagtulungan kung paano malulutas ang problema.

**7. Paano maituturing na Positive Discipline ang ginagamit na paraan ng pagdisiplina?**

Ang Positive Discipline ay walang itinatakdang eksaktong tugon dahil ito ay nagmumula sa paniniwalang ang paraan ng pagdisiplina ay nagbabago depende sa sitwasyon at sa edad at personalidad ng bata. Sa kabilang banda, maaring gamitin ang mga sumusunod na tanong upang matiyak na ang ginagamit na paraan ng pagdisiplina ay maituturing na Positive Discipline:

- Nasasaktan ba ang bata sa ginagamit na paraan ng pagdisiplina?
- Nagdudulot ba ng takot ang ginagamit na paraan ng pagdisiplina?
- Napapahiya ba ang bata sa ginagamit na paraan ng pagdisiplina?
- Hinahadlangan ba ng ginagamit na paraan ng pagdisiplina ang pagkatuto ng bata?
- Hinahadlangan ba ng ginagamit na paraan ng pagdisiplina ang pagpapahayag ng bata ng kanyang saloobin?
- Hinahadlangan ba ng ginagamit na paraan ng pagdisiplina ang pagpaparamdam ng pagmamahal sa bata?

Kung ang sagot sa mga tanong na ito ay "hindi," maituturing na Positive Discipline ang ginagamit na paraan ng pagdisiplina.

MGA IMPLIKASYON

8. **Ang Positive Discipline ba ay nag-aalis ng karapatan ng mga magulang na disiplinahin ang kanilang anak?**

Obligasyon ng mga magulang na disiplinahin ang kanilang mga anak para sa kanilang pag-unlad ngunit hindi kasama sa pagdidisiplinang ito ang pananakit sa kanila pisikal man o emosyonal. Ang pagdidisiplina ay pagtuturo ng tamang gawi at pag-uugali, samantalang ang pagpaparusa ay pananakit at tinitingnan na isang uri ng pang-aabuso. Kailangang maintindihan na magkaiba ang "disiplina" at "parusa."

9. **Mayroong mga lumaki sa palo pero maayos naman ang kinahinatnan. Bakit hindi dapat palakihin sa ganoong paraan ang mga bata ngayon?**

Bagama't maraming mga bata ang lumaki pa ring maayos kahit na sila ay nakaranas ng pananakit, marami rin ang lumaking tinatanggap ang karahasan bilang paraan ng pagtugon o pagresolba sa anumang di pagkakasundo. Ito ang dahilan kung paanong patuloy na naipapasa ang ganitong pamamaraan ng pagdidisiplina sa bawat henerasyon.

Halimbawa, sinasabing ang paglaki sa isang kapaligirang talamak ang karahasan ay isa sa mga ugat ng domestic violence. Sa parehong pag-iisip, kapag pinalo ang mga bata tuwing sila ay nagkamali, nabubuo sa kanilang isipan na katanggap-tanggap na gamitin ang pananakit para malutasan ang mga di pagkakasundo.

Ilang pag-aaral na rin ang nagsabing ang mga batang nakaranas ng corporal punishment ay maaring magkaroon ng depresyon, maging suicidal, magkaroon ng personality disorder, at malulong sa alak (Berkowitz, 1993; Hyman, 1997)

10. **Pinapalo ko ang anak ko dahil mahal ko siya at gusto kong lumaki siya nang tama. Ano ang mali dito?**

Ang ganitong gawain ay magdudulot lamang ng kalituhan sa mga bata dahil ikinakabit natin ang pananakit sa konsepto ng pagmamahal. Nalilito at nasasaktan ang mga bata dahil sinasaktan sila ng mga taong mahal nila at nagsasabing mahal sila (American Academy of Pediatrics Committee on Pyschosocial Aspects of Child and Family Health, 1998).

Delikado na ituro ang ganitong konsepto dahil hindi ito makatutulong para matuto ang mga batang proteksyunan ang kanilang mga sarili laban sa karahasan sa loob ng mga relasyon. Kapag sinasabing ang pagpapalo ay ginagawa dahil sa pagmamahal, maguguluhan ang bata kung ano ang tunay na ibig sabihin at kung ano ang tamang pagpapakita ng pagmamahal.

11. **Pinapalo ko ang anak ko pero ipinapaliwanag ko sa kanya ang dahilan pagkatapos. Bakit hindi epektibo ito?**

Ang pagpapaliwanag pagkatapos ng pananakit ay nagpapakita sa mga bata na maaring gamiting solusyon ang karahasan bilang pagpapahayag ng pagtutol o pagsalungat. Ipanapakita natin sa kanila na katanggap-tanggap ang paggamit ng karahasan upang magpahayag ng pagtutol o pagsalungat.

**12. Sabi sa Bibliya, "spare the rod, spoil the child." Hindi ba pagsasalungat sa turo ng Bibliya ang hindi pagpalo sa anak?**

Hindi makikita sa Bibliya ang katagang "spare the rod, spoil the child." Ito ay nanggaling sa "Hudibras," isang satirikal na tulang isinulat ni Samuel Butler noong 1664. Isinulat ito ni Butler upang tuyain ang religious extremists at mga hipokrito.

Bagama't maraming katuruan sa Lumang Tipan, lalo na sa aklat ng Proverbs, tungkol sa paggamit ng "rod" sa pagdidisiplina, hindi dapat tanggapin ang literal na pakahulugan nito. Ang "rod" o tungkod ay ginagamit ng mga pastol bilang gabay sa mga tupa at hindi bilang panghampas, lalo na dahil mahalaga ang mga tupa noon sa kabuhayan ng mga tao at pinahahalagahan nila ang mga ito.

Maraming katuruan sa Lumang Tipan na binago na ng Bagong Tipan tulad ng sumusunod:

> Colossians 3:20-21: "Children, be obedient to your parents in all things, for this is well-pleasing to the Lord. Fathers, do not exasperate your children, so that they will not lose heart."
>
> Ephesians 6:4: "Fathers, do not provoke your children to anger by the way you treat them. Rather, bring them up with the discipline and instruction that comes from the Lord."

Malinaw na pinag-uutos ng berso sa mga batang matutuwa ang Panginoon kung sila ay magiging masunurin sa kanilang mga magulang. Naghahabilin rin ito sa mga magulang na huwag hayaang magkaroon ng galit sa kanila ang kanilang mga anak. Ang paggamit ng corporal punishment ay nagdudulot sa mga bata ng galit o sama ng loob sa kanilang mga magulang.

Mahalaga ring tandaan na dapat sumusunod sa aral at mga ehemplo ni Kristo. Kung titingnan natin ang Bagong Tipan, walang kuwento roon na nagpapakitang gumagamit si Hesus ng karahasan sa kanyang pakikitungo sa mga bata at maging sa ibang tao. Ang pagmamahal at pagpapatawad ay parating kasama sa kanyang mga mensahe.

Sa katunayan, ipinahiwatig ni Hesus na ang pamamaraan ng pakikitungo natin sa pinakamababang miyembro ng lipunan – ang mga bata – ay nagpapakita ng ating pagtingin sa Kaharian ng Diyos.

> Matthew 18:3: "And he said: 'Truly I tell you, unless you change and become like little children, you will never enter the kingdom of heaven.'"
>
> Mark 9:42: "If anyone causes one of these little ones--those who believe in me--to stumble, it would be better for them if a large millstone were hung around their neck and they were thrown into the sea."

Ipinapahay din sa Bibliya ang pagpapahalaga ni Kristo sa mga bata:

- *Ang mga bata ay ginawa Niyang kawangis.*
  Mababasa sa Genesis na nilikha ng Diyos ang Kanyang mga anak na kawangis Niya, at ang pagiging kawangis Niya ay nangangailangang maging malapit sa isa't isa. Ang pagiging malapit ay batay sa panawagang mahalin ang Diyos at mahalin ang kapwa (Matthew 22:37-40) tulad ng pagmamahal ng Diyos sa kanyang mga nilikha (John 13:35).

- *Ang mga tao ay mga tagapangalaga ng mga nilikha ng Diyos, kabilang dito ang mga bata.*
  Nakasaad sa Bibliya na ang mga tao ay binigyan Niya ng kalayaang alagaan ang kanyang mga nilikha. Ang bawat isa ay dapat paglingkuran ang mga bata at alagaan ang kanilang kapakanan.

- *Ang mga bata ay regalo ng Diyos.*
  Ipinapaala ng Bibliya na ang mga bata ay regalo ng Diyos sa mundo. Ayon sa Psalm 127:3, "Children are a gift from God; they are His reward." Ipinakita ito ni Kristo nang tawagin Niya ang Kanyang mga apostol upang salubungin ang mga bata (Matthew 18:5) at isama ang pag-aalaga sa mga bata bilang bahagi ng buhay (Deuteronomy 4:9; 6:7; 11:19).

- Mahalaga ang mga bata sa misyon ng Diyos.
  Malinaw na sinabi ni Kristo na ang mga bata ay kabilang sa Kaharian ng Diyos at may malaking bahagi sa komunidad (Matthew 18:3).

**13. Sinabi ni Pope Francis na okay lang paluin ang bata nang hindi niyuyurakan ang kanilang dignidad. Paano ba ito ginagawa?**

Noong February 2015, inihayag ni Pope Francis na okay lang palauin ng mga magulang ang bata sa ngalan ng disiplina. Gayunpaman, ipinaliwanag ni Rev. Thomas Rosica ng Vatican na ang pahayag ni Pope Francis ay hindi tumutukoy sa paggawa ng karahasan o kalupitan. Sa kabilang banda, ang pahayag na ito ay tungkol sa pagtulong sa batang lumaki at maging mature. "Simply watch Pope Francis when he is with children and let the images and gestures speak for themselves. To infer or distort anything else… reveals a greater problem for those who don't seem to understand a pope who has ushered in a revolution of normalcy of simple speech and plain gesture (Tignan lamang ang pakikitungo ni Pope Francis sa mga bata at hayaang magsalita ang kanyang mga imahe at galaw. Ang magbigay ng ibang kahulugan… ay nagpapakita ng mas malaking problema sa mga hindi nakakaintindi sa isang santo papang nagbago ng nakasanayan at ginawang pamantayan ang simpleng pananalita at payak na kilos," dagdag ni Rosica.

Ipinahayag din ng Vatican na hindi nito itinataguyod ang corporal punishment.

**14. Paano maiiwasan ang paglaki sa layaw, pagiging spoiled brats, o pagiging kriminal ng mga bata kapag hindi sila pinarusahan?**

Ayon kay Dr. Joan Durrant,[5] mas malaki ang posibilidad na mapasama sa gulo ang mga batang pisikal na naparusahan kaysa sa mga hindi nasaktan. Madalas nangyayari ito dahil ang mga batang nasaktan ay takot lumapit sa kanilang magulang sa oras ng pangangailangan. Ang Positive Discipline ay walang kinalaman sa pagpapalaki sa layaw o pag-spoil sa mga bata. Ang lahat ng bata ay kailangan ng disiplina. Kailangan nilang matutunan kung ano ang importante, paano magmalasakit sa ibang tao, at paano magbigay ng respeto sa karapatan at pangangailangan ng iba. Mas matututunan nila ang mga ito sa isang ligtas at matibay na relasyon. Natututunan din nila ang kanilang kamalian at naiintindihan nila ang lahat ng kailangan nilang maintindihan para sila ay umunlad sa tamang paraan.

Ang mga magulang ay mas marami pang maaring gawing pagdisiplina kaysa sa pananakit at pagsasawalang-bahala. Ang mga magulang ay may responsibilidad na turuan at gabayan ang mga bata, ngunit minsan ay hindi nila alam kung ano ang tamang gawin dahil sila mismo ay lumaki sa palo at pananakit. Para sa kanila, mahirap makita ang pagdidisiplina nang walang pananakit.

**15. Kapag ipinagbawal ang corporal punishment sa Pilipinas, hindi ba magiging "walang galang" o "lapastangan" ang mga batang Pilipino tulad ng tingin ngayon ng iba sa mga bata sa America?**

Kung tutuusin, ang paggamit ng Positive Discipline ay paraan upang mahubog ang pagiging magalang at responsible ng mga bata. Ang Positive Discipline ay makatutulong upang maiwasan ang pagiging "walang galang" o "lapastangan" ng mga bata. Tulad ng matatanda, ang batang sinasaktan ay nawawalan ng tiwala at respeto sa taong nanakit sa kanila (American Academy of Pediatrics Committee on Pyschosocial Aspects of Child and Family Health, 1998). Samantala, ang mga batang lumaki sa pamamagitan ng Positive Discipline ay matututo ng tamang pakikitungo sa ibang tao.

**16. Hindi ba isang Western concept ang pagbabawal sa corporal punishment?**

Ayon kay Dr. Joan Durrant,[6] ang corporal punishment, at hindi positive discipline, ang Western concept. Ipinataw ng mga mananakop ang corporal punishment sa mga bansang kanilang sinakop upang pagtibayin ang kanilang kapangyarihan. Karamihan sa mga uri ng corporal punishment na nakikita natin ngayon ay nagmula sa Western imperialism.

Ang Sweden ang pinakaunang nagbawal sa paggamit ng corporal punishment, at sinundan ito ng iba pang bansa sa Europa. Limang bansa na sa Africa at tatlong bansa sa Latin America ang nagbawal na rin ng corporal punishment. Ang New Zealand ang nag-iisang English-speaking country na nagbawal sa pananakit sa mga bata sa ngalan ng disiplina.

---

[5] Si Joan Durrant ay isang Child-Clinical Psychologist at propesor sa University of Manitoba sa Winnipeg, Canada

[6] Ibid.

**17. Kaya bang gumamit ng positive discipline ang mga magulang na maraming anak o ang mga gurong may limampung estudyante?**

Sabi ni Dr. Joan Durrant,[7] mas mahirap magbigay ng atensyon sa malalaking grupo ng bata. Ito ang isang policy issue na kailangang bigyang pansin ng ating pamahalaan. Subalit, posible pa ring matutunan ang child development, mapag-isipang mabuti ang mga bagay, at mabigyang solusyon ang mga problema kahit maraming bata.

**18. Hindi ba para sa mayayamang bansa at mayayamang tao lang ang positive discipline?**

Ang positive discipline ay para sa lahat ng bata dahil ang lahat ng bata ay may karapatang umunlad at mabigyang protekyon.

Ang positive discipline ay tinatanggap at ginagamit sa Mongolia, Thailand, Lao, Solomon Islands, at iba pang bansang may limitadong yaman. Kamakailan lang ay pinakilala na rin ang positive discipline sa Kenya. Ayon kay Dr. Joan Durrant, kahit na nagbibigay ng matinding stress ang kahirapan, hindi ibig sabihin na marahas na ang mga magulang na nagmula sa mahirap na pamilya. Kung tutuusin, mas gumagamit ng corporal punishment ang mga school principal at ang mga magulang na mula sa middle at upper class.

Ang positive discipline ay nangangailan ng oras upang matutunan kung paano nabubuo ang kaisapan ng bata. Nangangailangan din ito ng commitment na matutunan ang problem-solving approach na magpapatibay sa relasyon ng mga anak at magulang at magtataguyod sa pisikal and mental na kalusugan ng bata.

**19. Paano gagamitin ang positive discipline sa mga batang may murang edad na hindi pa nakaiintindi ng mga pagpapaliwanag?**

Ayon kay Dr. Joan Durrant, hindi hadlang ang murang edad ng bata dahil ang positive discipline ay sinisimulan habang sanggol pa ang anak. Ito ang mga panahong ang mga magulang ay nakikinig at maingat na tumutugon sa mga senyas ng mga sanggol, kaya nabubo ang pagtitiwala ng sanggol sa magulang. Ito ang pundasyon ng positive discipline.

Ang positibong disiplina ay naka-ugat sa isang relasyong may matatag na pagtitiwala na maaring magsimula sa pagkabata at lumalim habang tumatagal. Kapag mayroong tiwala sa pagitan ng anak at magulang, ang mga bata ay magnanais na kausapin ang kanilang magulang, humingi ng mga payo, at magbigay respeto sa opinyon ng kanilang mga magulang.

---

[7] Si Joan Durrant ay isang Child-Clinical Psychologist at propesor sa University of Manitoba sa Winnipeg, Canada

**20. Paano gagamitin ang positive discipline sa mga batang may problema sa pag-uugali?**

Ipinapaalala ni Dr. Joan Durrant na ang positive discipline ay hindi lamang tungkol sa pagsasalita. Ito ay tungkol rin sa pakikinig, pagmamasid, pag-intindi, at pagbuo ng tiwala. Maaring turuan ang mga batang matakot at umiwas sa mga magulang, o kaya ay maaring turuan silang magtiwala sa mga magulang.

Bagama't may ibang bata at pamilyang nangangailangan ng dagdag na tulong, ang Positive Discipline ay nagbibigay ng matatag na pundasyon sa lahat ng pamilya. Isa itong paraan ng pagtingin at pakikitungo sa mga bata upang malinang ang mga magagandang katangian tulad ng katapatan, tiwala sa sarili, pakikiramay, kabutihang asal, at dangal.

**21. Paano gagamitin ang Positive Discipline kapag nag-aaway ang mga magkapatid dahil sa selos o hindi pagkakasundo?**

May iba't ibang paraan ng paggamit ng Positive Discipline dahil ito ay dapat i-ayon sa sitwasyon at edad ng mga bata. Halimbawa, kung ang kapatid ng panganay na bata ay ipinagbubuntis pa lamang, kailangang iparamdam sa panganay na hindi mawawala ang pagmamahal ng kanyang mga magulang at kabilang siya sa pagpapalaki ng kanyang kapatid. Ganito ang ginawa ng isang nanay na nagmula sa isang indigenous peoples community sa Ifugao. Bilang isang advocate ng Positive Discipline, inihanda ng nanay ang kanyang panganay sa pagdating ng kanyang pangalawang anak. Isinama niya ang kanyang panganay sa mga paghahanda sa pagdating ng kanyang pangalawang anak. Nang siya ay manganak, ipinagpatuloy pa rin niya ang madalas na pagyakap at paghalik sa kanyang panganay. Binigyan din niya ng mga simpleng gawain ang kanyang panganay tulad ng pagbantay at pagkausap sa sanggol. Sinasagot din niya ang mga tanong ng kanyang panganay tungkol sa bagong miyembro ng kanilang pamilya. Nang lumaki-laki na ang sanggol, pinayagan din niyang buhatin ng panganay sa likuran ang sanggol, sa ilalim ng kanyang paggabay at pagsubaybay (sa Ifugao, karaniwang binubuhat sa likod ang mga sanggol habang nagtratrabaho ang magulang). Sa ganitong paraan, naiwasan ang pagkakaroon ng selos. Sa halip ay nararamdaman ng panganay ang kanyang kahalagahan sa pagpapalaki ng kanyang kapatid.

Kung ang mga bata naman ay malaki-laki na, maaari pa ring gumamit ng Positive Discipline tuwing sila ay nag-aaway. Sa ganitong pagkakataon, kailangang iparamdam ng magulang na wala siyang kinikilingan sa magkapatid. Siguraduhing malayo sa kapahamakan ang magkaparid. Kausapin nang hiwalay sa isang pribadong kwarto ang bawat bata. Tanungin sila kung ano ang nangyari at ano ang kanilang nararamdaman. Ipaunawa sa kanila ang kahalagahan ng pagbibigay ng respeto at pagmahahal sa isa't isa. Pagkatapos, hayaan ang magkapatid na mag-isip ng paraan upang magkasundo at magkaroon ng kasunduan. Kailangang maging tagapamagitan ang magulang.

**22. Magagamit pa ba ang positive discipline sa mga teenagers?**

Nirerekomenda ang paggamit ng positive discipline habang ang bata ay sanggol pa lamang, ngunit hindi ibig sabihin na hindi na ito epektibo kung hindi ito nasimulan agad. Maituturing lang na mas malaki na ang hamon na haharapin ng magulang sa pagbuo ng isang ligtas at matibay na relasyon, pero hindi pa huli ang lahat para gumamit ng positive discipline kahit ang bata ay malaki na.

Halimbawa, kung hindi naging malapit ang loob ng bata sa magulang noong siya ay maliit pa, kinakailangan ng magulang ng ibayong pagpakita sa bata ng pagmamahal at pagkalinga. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng pagbibigay ng panahon para kausapin ang bata, mamasyal, maglaro, o iba pang mga gawaing makatutulong para sila ay magkalapit at manumbalik ang tiwala ng bata sa kanyang magulang.

**23. Paano kung matigas talaga ang ulo ng bata?**

Una, hindi dapat gumamit ng pananakit na pisikal o emosyonal sa pagdidisiplina sa bata. Walang tamang dahilan para ito ay gawin.

Pangalawa, hindi makatutulong ang pagpaparusa sa bata hindi na maging "matigas ang ulo" ng bata. Sa Positive Discipline, ang ating layunin ay makipagtulungan sa bata para makahanap ng mga solusyon sa problema o di pagkakasundo.

Tandaan na, minsan, ang tinatawag nating "katigasan ng ulo" ay may pinagmumulang kontekstong kailangan alamin at intindihin, kaya naman napakahalagang panatilihing bukas ang isipan at ang linya ng komunikasyon. Mahalaga ring iwasan ang "power struggle" sa pagitan ng magulang at bata upang maitaguyod ang relasyong nakabatay sa respeto sa isa't isa.

Halimbawa, ang isang bata ay maaaring hindi sumunod sa utos ng mga magulang kapag siya ay nakararamdam ng galit o sama ng loob. Maaring nagmula ang galit o sama nang loob na ito dahil sa hindi pagtupad ng magulang sa isang pangako. Para sa bata, nararapat lang na siya ay magalit o magkaroon ng sama ng loob dahil hindi tumupad sa usapan ang magulang. Ngunit kung ang magulang ay agad na magagalit nang hindi kinakausap nang maayos ang anak, hindi niya malalaman ang pinagmumulan ng hindi magandang kilos ng bata. Hindi rin mabibigyang solusyon ang ugat ng problema.

**24. Bakit puro karapatan na lang ng mga bata ang binibigyang halaga? Paano naman ang karapatan ng mga magulang at guro?**

Katulad ng mga nakatatanda, ang mga bata ay mayroon ding karapatang pantao. Ang mga karapatang ito ng mga bata ay nakasaad sa United Nations Convention on the Rights of the Child na tinanggap ng halos lahat ng mga bansa sa buong mundo. Gayunpaman, patuloy pa ring naaabuso at naisasantabi ang mga bata. Limitado rin ang kakayahan ng mga bata para ipagtanggol ang kanilang mga sarili kaya't talagang may ibayong pagpapahalaga sa pagkilala sa karapatang pambata. Ang mga nakatatanda ay may tungkuling masigurong naitataguyod ang karapatan ng mga bata, lalo na ang karapatan nilang maprotektahan laban sa karahasan at pang-aabuso.

Ang mga magulang at guro ay may mga karapatan din kinikilala at itinataguyod, ngunit hindi kasama sa mga ito ang karapatang manakit ng kapwa, lalo na ng mga bata.

**25. Paano kung gamitin ng mga magulang ang mga karapatan ng bata upang sirain o pagkakitaan ang mga guro/awtoridad ng barangay?**

Hindi maikakailang mayroong ilang mga magulang na gumagawa nito, ngunit kung hindi naman talaga sinaktan o inabuso ang bata, lalabas sa imbestigasyon ng Department of Education o ng barangay ang tunay na pangyayari.

<u>TUNGKOL SA BATAS - HB4907: POSITIVE AND NON-VIOLENT DISCIPLINE BILL</u>

**26. Bakit kailangan pa ang HB4907?**

Kailangan ng HB4907 dahil may ilang mga batas na kailangang i-repeal at dahil kailangang palawigin ang iba pang legislative measures (Global Inititative to End All Corporal Punishment of Children, 2013).

- Kabilang sa mga kailangang i-repeal ay ang mga batas na may hindi malinaw na pagbabawal ng anumang uri ng pananakit sa ngalan ng pagdidisiplina sa bahay, sa paaralan, at sa iba pang settings.
    - Family Code: "to impose discipline on them as may be required under the circumstances" (article 20)
    - Child and Youth Welfare Code: "to discipline the child as may be necessary for the formation of his good character" (article 45)
    - Code of Muslim Personal Laws: "[Parents have] the power to correct, discipline, and punish them moderately" (article 74)
    - Rules and Regulations on the Reporting and Investigation of Child Abuse Cases: "discipline administered by a parent or legal guardian to a child does not constitute cruelty provided it is reasonable in manner and moderate in degree and does not constitute physical or psychological injury as defined herein" (section 2)

- Maliban sa pagbabawal ng corporal punishment sa residential institutions (Administrative Order No. 141, Article 1.4 of the Standards in the Implementation of Residential Care Services 2002) at day care centers (Executive Order No. 209, Article 233), kailangan din ng malinawa na

pagbabawal sa paggamit ng corporal punishment sa lahat ng alternative care settings tulad ng foster care, ospital, kliika, at iba pa.

**27. Ano ang rekomendasyon ng human rights treaty bodies tungkol sa corporal punishment sa Pilipinas?**

Bilang State Party na pumirma sa United Nations Convention on the Rights of the Child at iba pang human rights instruemtns, ang Pilipinas ay may obligasyong ipagbawal ang anumang uri ng pisikal at mental na karahasan, kanilang na ang corporal punishment sa bayay, sa paaralan, sa mga pribado at pampublikong institusyon, sa mga alternative care systems, at sa iba pang settings.

Mula pa noong nagbigay ng pangalawang Committee Report ang Pilipinas sa United Nations Committee on the Rights of the Child, ipinihayag na ng Committee ang pagkabahala nito tungkol sa estado ng corporal punishment sa Pilipinas.[8]

> Committee on the Rights of the Child (21 September 2005, CRC/C/15/Add.259, Concluding observations on second report, paras. 41, 42 and 43):
> "While noting the State party's efforts to prohibit the use of corporal punishment in schools, prisons, institutions and forms of childcare by implementing various relevant provisions, the prevalence of corporal punishment in society gives cause for serious concern. The Committee is concerned that a provision for corporal punishment is not included in the Child and Youth Welfare Code and regrets that corporal punishment in the home is not explicitly prohibited by law.
>
> "In the light of its general comment No.1 (2001) on the aims of education and the recommendations adopted by the Committee on its day of general discussion on violence against children within the family and in schools (see CRC/C/111), the Committee reiterates that corporal punishment is not compatible with the provisions of the Convention and it is inconsistent with the requirement of respect for the child's dignity, as specifically required by article 28, paragraph 2, of the Convention. Therefore, the Committee recommends that the State party prohibit by law all forms of corporal punishment in the home, in schools and in private and public institutions, in the juvenile justice system and the alternative care system.
>
> "The Committee recommends to the State party that it conduct a comprehensive study to assess the nature and extent of corporal punishment in different settings, including the home environment. Furthermore, the Committee recommends that the State party sensitize and educate parents, guardians and professionals working with and for children by carrying out public education campaigns about the harmful impact of violent forms of 'discipline' and promote positive, non-violent forms of discipline as an alternative to corporal punishment."

Inulit din ng Committee ang rekomendasyon nito bilang sagot sa Third/Fourth Report na ipinasa ng Pilipinas noon 2009.

> Committee on the Rights of the Child (22 October 2009, CRC/C/PHL/CO/3-4, Concluding observations on third/fourth report, paras. 10, 11, 12, 42 and 43):
>
> "The Committee urges the State party to make every effort to address the previous recommendations that have been partly, insufficiently or not implemented at all, including those relating to the minimum age of sexual consent, discrimination against children born out of wedlock, child pornography, the prohibition of torture and the prohibition of corporal

[8] Ibid

punishment and other forms of violence in the home, schools, in public and private institutions and in the alternative care system....

"While noting a number of legislative initiatives in the State party, the Committee remains concerned at the lack of legislation with regard to the prohibition of corporal punishment....

"The Committee recommends that the State party take all necessary measures to ensure the full and effective implementation of its domestic laws in order to better protect the rights of the child and to harmonize its legislation fully with the provisions and principles of the Convention, including through the expeditious adoption of the Anti-Corporal Punishment Act (Bill No. 682)...

"While noting that the Anti-Corporal Punishment Bill which prohibits corporal punishment in all settings is currently under discussion, the Committee reiterates its concern that corporal punishment in the home is not explicitly prohibited by law and that a provision on corporal punishment is not included in the Child and Youth Welfare Code. The Committee also expresses its concern at the prevalence of corporal punishment against children in society, in particular in the home and regrets that no comprehensive study on this issue has been undertaken, as recommended by the Committee in its previous concluding observations (CRC/C/15/Add.25, para. 42).

"The Committee urges the State party to: a) enact the Anti-Corporal Punishment Bill to explicitly prohibit by law corporal punishment in all settings, including in the home, schools, alternative childcare, places of work and places of detention; b) intensify its awareness-raising campaign to sensitize and educate parents and families, guardians and professionals working with and for children on the harmful effect of such practices, promote the use of alternative and non-violent forms of discipline in a manner consistent with the child's dignity and in accordance with the Convention, especially article 28, paragraph 2; c) undertake a comprehensive study on the nature and extent of corporal punishment in different settings; and d) take due account of the Committee's General Comment No. 8 (2006) on the right of the child to protection from corporal punishment and other cruel or degrading forms of punishment."

Noong 2012, inirekomenda ng Human Rights Council, sa pamamagitan ng Universal Periodic Review ng Pilipinas (2nd cycle), ang pagpapatibay ng batas labas sa corporal punishment. Ang mga rekomendasyong ito ay tinanggap ng Pilipinas, nangangahulugang ang bansa ay tutugon sa mga rekomendasyong ito.

(9 July 2012, A/HRC/21/12, Report of the working group, para. 129(24)):

"Extend the prohibition of corporal punishment to the home and the family (Portugal); Ensure compliance with the rights of children and women, in prohibiting in particular corporal punishment and in implementing a plan of action against domestic violence (France); Explicitly prohibit all corporal punishment when raising children, at home, at school, institutions, the penal system and in all other areas, in accordance with Article 19 of the Convention on the Rights of the Child (Uruguay); Carry out education and awareness raising campaigns to inform parents and other actors of non-violent methods of disciplining and educating children (and the right of children to protection) (Uruguay); Intensify its awareness-raising campaign on the harmful effect of corporal punishment and on the use of alternative and non-violent forms of discipline in a manner consistent with the child's dignity (Liechtenstein)"

## 28. Ano ang pinagkaiba ng HB 4907 sa iba pang batas tungkol sa karapatan ng bata?

Ang House Bill 4907 ay sumasagot sa paglabag sa karapatan ng mga bata sa ngalan ng disiiplina, na hindi nasasaklaw ng Republic Act 7610: Anti-Child Abuse Law, Republic Act 9262: Anti-Violence against Women and Children Act, at Revised Penal Code.

**29. Handa na ba ang mga ahensya ng gobyernong ipatubad ang HB4907?**

Masasabing handa na ang mga government agencies sa pagpapatupad ng HB 4907.

Noong 2012, ipinalabas ng Department of Education ang DepEd Order No. 40: Child Protection Policy na nagbabawal sa paggamit ng corporal punishment at nagtataguyod ng paggamit the positive and non-violent discipline. Mula noon, ang mga paaralan at guro sa buong bansa ay lumahok na sa mga training o pagsasanay tungkol sa Child Protection Policy.

Tinatalakay na ng Department of Social Welfare and Development ang Positive Discipline sa mga isinasagawang Parent Effectiveness Seminars. Mayroon na ring local social welfare offices na tumatalaky ng Positive Discipline sa Family Development Sessions ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program.

**30. Makukulong ba ang mga magulang sa ilalim ng HB 4907?**

Kung ang gawain ay hindi naisasaad sa Republic Act 7610: Anti-Child Abuse Law, Republic Act 9262: Anti-Violence against Women and Children Act, and Revised Penal Code, ang parusa ay ang maximum period ng arresto mayor (6 months). Kung ang parusa ay mas mataas sa arresto mayor, ang nagkasala ay dadaan din sa mga interventions tulad ng seminar sa positive discipline, anger management, at children’s rights; counseling at therapy; at iba pang rehabilitative services.

Kinikilala ng mga nagsusulong ng batas an gang pagkulong sa mga nagkasala, lalo na sa mga magulang, ay hindi angkop sa *best interest of the child*, kaya naman isinulong ang intervention programs.

**31. Ano ang mga intervention programs na ibibigay sa mga nagkasala sa ilalim ng HB 4907?**

Kabilang sa mga interventions na ibibigay sa mga nagkasala ay ang seminar sa positive discipline, anger management, at children’s rights; counseling at therapy; at iba pang rehabilitative services. Ang mga interventions na ito ay magmumula sa budget ng Department of Social Welfare and Development. Ang mga organisasyong miyembro ng Child Rights Network ay handa ring tumulong sa implementesyon ng ng batas sa pamamagitan ng pagbibigay ng orientations at iba pang capacity-building activities sa mga nagkasala.

**32. Paano maituturo sa konteksto ng mga Pilipino ang Positive Discipline framework na nakasulat sa HB 4907?**

Kinikilala ng mga nagsusulong ng batas na kinakailang ng panahon upang ganap na maintindihan, matanggap at maisagawa ang pagbabago mula corporal punishment patungong Positive Discipline. Ang HB 4907 ay ang paraan upang masimulan ang pagbabagong ito.

Mula noong 14th at 15th Congress, napagbuti na ang nilalaman ng kasulukuyang bersyon ng batas upang maging mas malinaw ang pagsasagawa ng Positive Discipline. Ang kasulukuyang bersyon ng batas ay nagsasaad ng prinsipyo at framework ng positive discipline, na maaring mapaglalim ng Implementing Rules and Regulations.

**33. Mayroon bang umiiral na mga ordinansang nagpapababawal sa corporal punishment at nagtataguyod sa positive discipline?**

Mayroon nang ilang mga munisipalidad, lungsod, at probinsyang nagpasa ng ordinansang nagpapatibay ng positive and non-violent disciplinary measures. Kabilang dito ang munisipalidad ng Lagawe sa Ifugao, Lingayen sa Pangasinan, Cawayan sa Masbate, at Llorente sa Eastern Samar; ang mga lungsod ng Naga at Ozamis; at ang mga probinsya ng South Cotabato at Bohol.

## Works Cited


American Academy of Pediatrics Committee on Pyschosocial Aspects of Child and

Bautista, V. (2010). *Psychological effects of corporal punishment.* Quezon City: Position Paper presented to the House of Representatives.

Berkowitz, L. (1993). *Aggression: Its causes, consequences, and control.* Philadelphia: Temple University Press.

Durrant, J. (2000). *A generation without smacking: The impact of Sweden's ban on physical punishment.* Winnipeg: Save the Children

Durrant, J. (2013). *Positive Discipline in everyday parenting.* Save the Children Sweden.

Family Health. (1998). Guidance for effective discipline. *Pediatrics. Vol. 101* , 723-727. Afifi, T., Mota, N., Dasiewicz, P., MacMillan, H., & J., S. (2012). Physical punishment and mental disorders: results from a nationally representative US sample. *Pediatrics. Vol. 130, No. 2* , 2011-2947.

Global Inititative to End All Corporal Punishment of Children. (2013). *Philippines-Country Report*. Retrieved April 2015, from Global Inititative to End All Corporal Punishment of Children: http://www.endcorporalpunishment.org/pages/pdfs/states-reports/Philippines.pdf

Hyman, I. (1997). *The case against spanking.* San Francisco: Jossey-Bass. Association for Childhood Education International. (2007). Banning corporal punishment of children: An ACEI position paper. Vol. 83, No. 6. *Childhood Education* .

Julian, T., & McKenry, P. (1993). Mediators of male violence toward females intimates. *Journal of Family Violence. Vol. 8* , 39-56.

Kohlberg, L. (1964). Development of moral character and moral ideology. *Review of Child Development Research. Vol. I* , 383-431.

Lansford, J., Deater-Deckard, K., Bornstein, M., Putnick, D., & Bradley, R. (2014). Attitudes justifying domestic violence predict endorsement of corporal punishment and physicai and psychological aggression towards children. *The Journal of Pediatrics. Vol. 164, No. 5* , 1208-1213.

Maurer, A., & Wallerstein, J. (1987). *The Influence of Corporal Punishment on Crime*. Retrieved May 2015, from The Natural Child Project: http://www.naturalchild.org/research/corporal_punishment.html

Ohene, S., Ireland, M., McNeely, C., & Borowsky, I. (2006). Parental expectations, physical punishment, and violence among adolescents wo score positive on psychosocial screening test in primary care. *Pediatrics. Vol. 177* , 441-447.

Pitzer, R. (2002). *Changes in goodhue county parenting practices 1993-1998.* Retrieved April 2015, from Minnesota Council on Famiily Relations: http://mn.ncfr.org/wp-content/uploads/sites/3/2014/02/2002_winter.pdf

Sternberg, K., Lamb, M., Greenbaum, C., Dawud, S., Cortes, R., Krispin, O., et al. (1993). Effect if domestic violence on children's behavior problems and depression. *Developmental Psychology, Vol. 29* , 44-52.

Straus, M., & Paschall, M. (1998). Corporal punishment by mothers and child's cognitive development: A longitudinal study. *14th World Congress of Sociology.* New Hampshire: University of New Hampshire, Family Research Laboratory.

Straus, M. (1994). *Beating the devil out of them: Corporal punishment in American families.* San Francisco: New Lexington Press.

Straus, M. (1991). Discipline and deviance: Physical punishment of children and violence and other crimes in adulthood. *Social Problems. Vol. 38* , 133-154.

Straus, M., & Gelles, R. (1991). Physical violence in American families: Risk facors and adaptations to violence in 8,145 families. *The Canadian Journal of Sociology. Vol. 16, No. 3* , 326-328.

Straus, M., & Kantor, K. (1991). *Corporal punishment by parents of adolescents: A risk factor in epidemiology of depressison, suicide, alcohol abuse, child abuse, and wife beating.* New Hampshire: University of New Hampshire.

Straus, M., Gelles, R., & Steinmetz, S. (1990). *Physical violence in American families: Risk factors and adaptations to violence in 8,145 families.* New Jersey: Transaction Publishers.

Straus, M., Sugarman, D., & Giles-Sims, J. (1997). Corporal punishment by parents and subsequent anti-social behavior of children. *Archives of pediatrics and adolescent medicine. Vol. 151, No. 8* , 761-767.

UN Committee on the Rights of the Child (CRC). (2006). *General comment no. 8: The right of the child to protection from corporal punishment and other cruel or degrading forms of punishment (Arts. 19; 28, Para. 2; and 37, inter alia)*. Retrieved April 16, 2015, from Refworld: http://www.refworld.org/docid/460bc7772.html

Widom, C. (1989). The cycle of violence. *Science. Vol. 244* , 160-166.

Wolfe, D. (1987). *Child abuse: Implications for child development and psychotherapy.* California: Sage Publications.